(Poliomyelitis - Tagalog version)

# Poliomyelitis

## Ahenteng nagdudulot
Ito ay idinudulot ng poliovirus.

## Mga katangiang klinikal
Ang sakit ay pangunahing nakaaapekto sa mga batang paslit. Maaari itong magdulot ng lagnat, sakit sa ulo, pagsusuka, kawalan ng ginhawa sa tiyan, pananakit sa kalamnan, paninigas sa leeg at likod at pagkaparalisa. Karamihan sa mga pasyente ay gumagaling, ngunit sa mga malalang kaso, maaari itong tumuloy sa permanenteng kapansanan at kamatayan.

## Paraan ng paglilipat
Ang sakit ay lubhang nakahahawa. Naililipat ito tao sa tao, pangunahin sa tae at bibig. Pumapasok ang virus sa katawan sa bibig at panghuli sinasakop ang sistemang nerbiyoso sentral.

## Yugto ng inkubasyon
Karaniwang 7 – 14 araw, na may saklaw ng 3 – 35 araw.

## Pangangasiwa
Ang mga pinaghihinalaang tao na may impeksiyon ay dapat isangguni sa ospital para sa karagdagang pangangasiwa at pagbubukod. Sa kasalukuyan, walang paggamot na nakalulunas para sa sakit.

Yamang ang tae ng pasyente ay maaaring maglaman ng virus, ang mga nag-aalaga ay dapat ekstrang mag-ingat sa mga kasanayan sa kalinisan kapag inaalagaan ang maysakit.

## Pamigil
Ang pagbabakuna ay ang pinakaepektibong paraan ng pagpigil sa sakit. May dalawang uri ng bakuna laban sa polio: Oral Polio Vaccine na iinumin at Inactivated Polio Vaccine (IPV) na ibinibigay sa pamamagitan ng iniksiyon. Ang IPV ay ginamit na sa Programa sa Pagbabakuna Pagkabata sa Hong Kong simula noong 2007.

10 Abril 2019

Revised in April 2019